AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2

### Aralin 3

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Brave Little Baby Dan" na isinulat ni Maria Catherine Garcia-Gatchalian.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 3** |
|---|
| Book Title: Brave Little Baby Dan |
| Author: Maria Catherine Garcia-Gatchalian |
| Source: Buri Books |

Good afternoon! ☺ Si Teacher Robyn ulit!🧡 Today, babasahin natin ang "Brave Little Baby Dan" 👶🏽📚 na sinulat ni Ginang Maria Catherine Garcia-Gatchalian. 👩🏽🏫

Maikli lang 'to na story, at kayang-kaya natin to! Naniniwala si Teacher sa inyo! 🧡

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Ano ulit ang promise natin sa isa't isa para sa reading natin? ☺
(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣
(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓
(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**
Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Kuna**
**(2) Humuhuni**
**(3) Luminga-linga (linga)**

--

📚 **BRAVE LITTLE BEYBI DAN NI MARIA CATHERINE GARCIA-GATCHALIAN**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Mahimbing na natutulog si Beybi Dan sa kuna. 👶🏽💤 Nagising siya at nakarinig ng Tweet! Tweet! Tweet! 🎶🎶🎶
• Humuhuni ang ibong maya. 🐤
• Humikab si Beybi Dan. Nakarinig siya ng Ngiyaaaw! Ngiyaaaw! Ngiyaaaw! 🎶🎶🎶
• Ngumungiyaw ang matabang pusang kulay kahel. 😺🧡
• Dumapa si Beybi Dan. Nakarinig siya ng Aw! Aw! Aw !🎶🎶🎶
• Kumakahol ang malaking asong kulay kape. 🐶☕
• Ginalaw-galaw ni Beybi Dan ang kaniyang mga daliri sa paa't kamay. Nakarinig siya ng Pot! Pot! Pot! 🎶🎶🎶
• Bumubusina ang nagdaraang bisikleta. 🚲
• Hindi mapakali si Beybi Dan. 😔
• Luminga-linga siya sa kuwarto.
• Nakarinig siya ng Vroom! Vroom! Vroom! 🎶🎶🎶
• Humaharutot ang isang kotse! 🚗
• Nagising nang tuluyan si Beybi Dan! Paano makatutulog ang bata kung naririnig niya ang Beep! Beep! Beep! 🎶🎶🎶
• Dumaan ang makulay na jeep!
• Tweet! Tweet! Tweet! 🐤🐤🐤
• Ngiyaaaw! Ngiyaaaw! Ngiyaaaw! 😺😺😺
• Aw! Aw! Aw! 🐶🐶🐶
• Pot! Pot! Pot! 🚲🚲🚲
• Vroom! Vroom! Vroom! 🚗🚗🚗
• Kawawang Beybi Dan! Umupo siya at parang maiiyak na! 😖
• Pumasok si Nanay sa kuwarto. 👩🏽
• Kanina ka pa gising, anak? Tanong ni Nanay. 💬
• Kinarga niya si Beybi Dan mula sa kuna. 🤱🏽
• "At hindi kita narinig umiyak. Napakatapang ng aking anak! Ikaw ang matapang kong Beybi Dan." 💬💪🏽👶🏾❤

--

✏️ **GAWAIN**
Nagustuhan ba natin ang kuwento ni Beybi Dan? ☺ Sabay-sabay natin balikan ang kuwento niya! 🤓 Kung may papel tayo sa bahay, gamitin natin ito para maalala ang ating nakikita sa story! Kung wala, okay lang! Sama-sama nating tuklasan ang kuwento!

🔎 Balikan natin ang mga tunog na narinig ni Bebyi Dan sa story! Anu-ano ulit ang mga to?
Tatlong animals! Isang maya 🐤, isang pusa 😺, at isang aso 🐶. Naalala ba natin kung anu-ano ang tunog ng mga ito?

🔎 Anu-anong mga sakayang pang-tao ang narinig ni Beybi Dan sa labas?
Una ay? Bisikleta 🚲! Tapos, kotse 🚗! At sa huli, isang makulay na jeep! Ano pang sakayang pang-tao ang nakikita natin sa labas?

🔎 Nang pumasok si Nanay sa kuwarto ni Beybi Dan, ano ang sinabi niya? Ano ang tinawag niya kay Beybi Dan? Siya ay?
Matapang! Sa tingin natin, bakit kaya nasabing brave o matapang si Beybi Dan? Dahil ba siya'y hindi umiyak? Hindi naman kailangan na hindi umiyak o hindi matakot para sabihin na matapang tayo, diba? ☺💪🏽

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Tapusin natin ang ating lesson sa isang tanong, ano ang nagpaparamdam o sino ang nagpaparamdam sa atin na tayo ay matapang? Kung ano man ang sagot natin, mag-bigay tayo ng konting oras para magpasalamat sa Diyos para sa mga bagay o tao na nagpapatapang sa atin.

Congrats sa pagtapos ng tatlong araw ng pagbasa, mga bata! ✔️✔️✔️ Proud na proud ako sa inyo!

May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.